# Paunawa sa Publiko

Ang pagboto sa opisina para sa Espesyal na Primaryang Eleksyon ng Assembly District 80 ay magsisimula sa Lunes, Ika-7 ng Marso at magpapatuloy hanggang Martes, Ika-5 ng Abril (Araw ng Eleksyon). Ang eleksyong ito ay upang punan ang bakanteng puwesto sa ika-80 na Assembly District para sa natitirang kasalukuyang termino. Ang mga botante na naninirahan sa ika-80 na Assembly District ay karapat-dapat na lumahok sa eleksyong ito alinsunod sa 2011 na mga boundary ng distrito.

Simula Ika-7 ng Marso, ang opisina ay magbubukas para sa pagboto:

- Lunes hanggang Biyernes, ika-8 ng umaga hanggang ika-5 ng hapon
- Araw ng Eleksyon, ika-5 ng Abril, ika-7 ng umaga hanggang ika-8 ng gabi

Ang opisina ay magsasara sa Huwebes, Ika-31 ng Marso sa pag-obserba ng Cesar Chavez Day.

Beripikasyon ng pirma ay inaasahang magsisimula sa ika-14 ng Marso.

Ang pagbubukas at paghahanda ng mga balotang pangkoreo para sa tabulasyon ay magsisimula sa o pagkatapos ng ika-16 ng Marso.

Ang mga resulta ng botohan ay ipo-post sa sumusunod na iskedyul:

- Pagkatapos ng ika-8 ng gabi, Martes, ika-5 ng Abril (matapos magsara ang mga vote center at pagboto sa opisina)
- Pagkatapos ng ika-5 ng hapon, Huwebes, ika-7 ng Abril
- Mga karagdagang posting ay maaaring mangyari sa pagpapasya ng Tagapagrehistro ng mga Botante.

Ang lahat ng mga resulta ay hindi opisyal hanggang sa makumpleto ang opisyal na canvass ng eleksyon sa o bago ang Ika-14 ng Abril.

Pinapayagan ang pampublikong obserbasyon sa alinman sa mga proseso na inilarawan sa itaas. Kung kayo ay mayroong organisadong grupo ng mga boluntaryo at nais i-coordinate ang inyong aktibidad para sa obserbasyon ng mga grupo, kontakin kami sa 858-565-5800.